# Aplikasyon para sa Certificate of Eligibility para sa [1] mga dayuhang nasyonal na nag-expire na ang period of stay habang nasa labas ng Japan ngunit may re-entry permission, at [2] mga dayuhang nasyonal na nag-expire na ang Certificate of Eligibility

Hunyo 26, 2020
(Binago noong Oktubre 7, 2022)
Immigration Services Agency of Japan

Ang mga dokumentong isusumite ay pasisimplehin tulad ng ipinakita sa [1] at [2] sa ibaba. Gayundin, ang pagsusuri ay magiging mas mabilis kaysa dati.

| | [1] Mga dayuhang nasyonal na nag-expire na ang period of stay habang nasa labas ng Japan ngunit may re-entry permission | [2] Mga dayuhang nasyonal na nag-expire na ang Certificate of Eligibility |
|---|---|---|
| Mga karapat-dapat | - **Mga dayuhang nasyonal na hindi nagpalit ng kanilang mga aktibidad o relasyon ng pamilya bago umalis ng Japan nang may re-entry permission.**<br>- **Dayuhang nasyonal na ang re-entry permission ay nakatakdang mag-expire sa pagitan ng Enero 1, 2020 at Abril 30, 2023.**<br><br>(Tandaan 1) Naangkop din ito sa mga dayuhang nasyonal na mas maiksi sa isang buwan ang natitira bago mag-expire ang kanilang period of stay at sa mga walang posibilidad na makabalik ng Japan bago ang expiration date.<br>(Tandaan 2) Naaangkop din dito ang special re-entry permission.<br>(Tandaan 3) Ang mga nanatili na may "Highly profession No.2" ay mangyaring mag-aplay ng "Highly Profession No.1" (Alinman sa a, b o c.) ayon sa dating aktibidad. | - **Naaangkop dito ang mga walang binago mula sa nakaraang aplikasyon.**<br><br>*Tungkol sa period of validity ng Certificate of Eligibility<br>Ang Certificate of Eligibility ay karaniwang may bisa ng tatlong buwan, ngunit bilang isang espesyal na kaso, may mga panahon na ituturing na may bisa ang Certificate of Eligibility ayon sa panahon na ito'y inisyu (Narito ang mga detalye) .<br><br>(Tandaan) Naaangkop din ito sa mga dayuhang nasyonal na inaasahang mag-eexpire ang period of validity ng Certificate of Eligibility sa planong araw ng pagpasok sa Japan. |
| Mga kinakailangang dokyumento | • **Application form**<br>*Gamitin ang tamang "Application Form para sa Certificate of Eligibility" depende sa iyong status of residence.<br>• **Pahayag na dahilan na ginawa ng tumatanggap na organisasyon, atbp.**<br>*Mangyaring sumangguni sa naka-attach na format (Talahanayan 1, Talahanayan 2), at gumawa ng pahayag na dahilan.<br>• **Kopya ng dating residence card**<br>*Tinatanggap ang mga larawan at Fax basta ang impormasyon na nakasulat sa card ay malinaw na nakikita. Kung ikaw ay hindi makakapag-sumite, mangyaring magbigay ng sulat na may paliwanag ng dahilan (walang kinakailangang format). | • **Application form**<br>*Gamitin ang tamang "Application Form para sa Certificate of Eligibility" depende sa iyong status of residence.<br>• **Pahayag na dahilan na ginawa ng tumatanggap na organisasyon, atbp.**<br>*Mangyaring sumangguni sa naka-attach na format (Talahanayan 1, Talahanayan 2), at gumawa ng pahayag na dahilan.<br>• **Dating inisyu na Certificate of Eligibility (orihinal o kopya)**<br>*Kung ikaw ay hindi makakapag-sumite ng orihinal o kopya ng dating inisyu na Certificate of Eligibility dahil sa rason tulad ng dating pagsumite ng Certificate of Eligibility nang ikaw ay nag-aplay para sa visa, mangyaring magsumite ng sulat na may paliwanag ng dahilan (walang kinakailangang format) o kopya ng resibo ng aplikasyon sa visa. |
| Huling araw ng pag-aplay | • **Hanggang Abril 30, 2023** | • **Hanggang Enero 31, 2023** |

- Ang panahon ng pagpoproseso ay dalawang linggo para sa bawat kaso. Maaring kailanganing magsumite ng ibang materyales na nagpapatunay sa kasong may mga pagbabago sa relasyon ng pamilya at iba pa mula sa panahon ng nakaraang permiso para sa kasong [1] at noong panahon inisyu ang dating Certificate of Eligibility para sa kasong [2](Kung sa gayon, ang pagsusuri ay maaring tumagal.)

**Ang sumusunod na pag-asikaso ay isasagawa hanggang Abril 30, 2023. *Mangyaring sumangguni sa bawal link para sa mga detalye.**

- Kung ikaw ay may status of residence na "Permanent Resident" o "Long-Term Resident," o "Designated Activities" ngunit ang iyong mga aktibidad ay hindi nauugnay sa abiso, hindi ka naaangkop sa pag-apply para sa Certificate of Eligibility. Mangyaring mag-apply para sa visa sa misyong diplomatitko kung saan kayo kasalukuyang nananatili (para sa mga detalye, tumingin dito (Permanent Resident) o rito ("Long-term Resident" at "Designated Activities"). Bilang karagdagan, kung nais mong kumuha ng ibang status of residence, at walang sinumang maaring kumilos bilang ahente sa Japan, ang aplikasyon para sa visa ay isasagawa sa misyong diplomatiko.